Pangalan: Abdul Aziz Timtim Level 1 – Batch 2
Paksa ng Khutbah: Ang Diwa ng Kapatiran sa Islam
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
Petsa: Hunyo 30, 2024

**Unang Bahagi ng Khutbah:**

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلِ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْد:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ سورة آل عمران: 102

"O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim." (Surah Alo Imran: 102)

Mga alipin ni Allah! Ang nakapagtatag at nagturo ng pinakamahusay na kapatiran sa kasaysayan ay ang Rasulullah (sallallahu 'alayhi wa sallam), at ang mga pinakamatagumpay na tao na nagpamalas ng kapatirang ito ay ang mga Sahabah (radhiyallahu 'anhum). Ito ang kapatiran sa Islam na mahigpit na ipinag-utos sa atin ng Propeta (sallallahu 'alayhi wa sallam) at mahigpit na pinanghawakan ng mga Sahabah (radhiyallahu 'anhum). Sila ang ating huwaran sa pagkakapatiran sa Islam. Natitiis nila ang gutom mapakain lamang ang kanilang kapatid na nagugutom, ginugugol nila ang kanilang kayamanan para sa kanilang kapatid na nangangailangan, isinasakripisyo nila ang kanilang pangangailangan para sa kanilang kapatid na naghihikahos, at maging ang kanilang asawa ay handa nilang italaq upang makapag-asawa ang kanilang kapatid sa pananampalataya.

Ngunit ang tanong mga kapatid, nasaan tayo ngayon sa kapatiran ng mga Sahabah? Nasaan tayo sa kapatirang itinatag at itinuro sa atin ng ating mahal na Propeta (sallallahu 'alayhi wa sallam)? Nasaan tayo sa kapatirang ito na bumubuo sa ating pananampalataya?

ISA IBN MARYAM INC.

Ang Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ay nagsabi,

لَا يُؤْمِنُ أَحَدُكُمْ، حتَّى يُحِبَّ لأَخِيهِ ما يُحِبُّ لِنَفْسِهِ. (رواه البخاري ومسلم)

“Hindi ganap ang pananampalataya ng isa man sa inyo, hangga’t hindi niya naisin sa kanyang kapatid ang katulad ng ninanais niya sa kanyang sarili.” (Inulat nina Al-Bukhari at Muslim)

Tunay na napakaganda ng turo sa atin ng Islam wa lillahil-hamd. Ang Hadith na ito ay nagpapaalala sa atin kung nasaan ba tayo sa kapatiran na iniwan sa atin ng Rasulullah (sallallahu ‘alayhi wa sallam). Ano na nga ba ang kapatiran na mayroon tayo sa kasalukuyan? Ninanais din ba natin sa ating kapatid ang anumang kabutihan na ninanais natin sa ating sarili? Minamahal din ba natin ang ating kapatid gaya ng pagmamahal natin sa ating sarili? Pinangangalagaan din ba natin ang mga karapatan sa atin ng ating kapatid sa pananampalataya? Bakit naglipana ang napakaraming grupo sa pagitan ng mga Muslim na hindi nagkakasundo, hindi nagkakaisa, nagbabangayan, nagsisiraan, at mas pinananaig ang kibr sa kanilang mga puso kaysa sa kapatiran sa Islam? Hindi ba’t ang sabi ng Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam),

المُسْلِمُ مَن سَلِمَ المُسْلِمُونَ مِن لِسَانِهِ ويَدِهِ. (أخرجه البخاري ومسلم)

“Ang Muslim ay siya na ligtas ang mga Muslim mula sa kanyang dila at kamay.” (Inulat nina Al-Bukhari at Muslim)

Isinasalarawan ng Hadith na ito ang katangian ng isang mananampalataya sa pakikitungo sa kanyang mga kapatid sa pananampalataya. Ipinag-utos sa atin ng Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ang kagandahang asal at mabuting pakikitungo sa ating kapatid sa pananampalataya – na nagpapatatag sa ating kapatiran para kay Allah. Ang isang ganap na Muslim ay hindi nananakit lalo sa kanyang kapatid na Muslim sa salita man o gawa. Sa panahon ni Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam), mariin niyang ipinag-utos sa mga Sahabah (radhiyallahu ‘anhum) na takpan ang kanilang mga ispada at pana sa tuwing sila ay tutungo sa palengke bilang pag-iingat upang hindi ito makasugat sa kapatid na Muslim nang hindi namamalayan. Ngunit sa kasalukuyang panahon, bagama’t wala nga tayong ispada subalit mayroon tayong mas matindi kung makasugat na tumatagos hanggang puso, ito ang ating dila na pumipinsala

sa ating kapatiran kung hindi natin ito pangalagaan. At ang pinakamasaklap sa ilan sa mga Muslim, hinahamak ang kapatid sa pamamagitan ng kanilang mga kamay. Nasaan na ang diwa ng kapatirang itinuro sa atin ng mahal na Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam)? Ang Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ay sumumpa ka Allah:

وَالَّذِي نَفْسِي بِيَدِهِ لا تَدْخُلُوا الجَنَّةَ حَتَّى تُؤْمِنُوا وَلا تُؤْمِنُوا حَتَّى تَحَابُّوا. (أخرجه مسلم)

“Sumpa man sa Kanya na May-Tangan ng aking buhay, hindi kayo makapapasok sa Paraiso hangga’t hindi kayo sumampalataya, at hindi kayo magiging mananampalataya hangga’t hindi kayo magmahalan.” (Inulat ni Muslim)

Mayroon din sa kapatiran na nakikita natin na ang sisipag nila mag-‘ibadah subalit kabilang sila sa mga tao na nakabinbin o nakaantala ang kanilang mga gawa sapagkat hindi nila isinasaayos ang gusot sa pagitan nila at ng kanilang kapatid sa pananampalataya, hindi sila nag-uusap at iniiwasan nila ang isa’t isa! Sa araw ng Lunes at Huwebes ay itinataas kay Allah ang ating mga mabubuting gawa maliban sa dalawang ito na hindi nag-uusap sanhi ng hidwaan sa pagitan nila. Gabayan nawa tayo ni Allah sa tunay na diwa ng kapatiran na itinuro sa atin ng Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam) at maging kasangkapan nawa ito upang ating makamit ang pagmamahalan at pagkakaisa tungo sa kabutihan at kaluguran ni Allah.

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

**Ikalawang Bahagi ng Khutbah:**

الحَمْدُ لِلهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Mga mahal kong kapatid sa pananampalatayang Islam, itinuro sa atin ng Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ang isa sa mga paraan ng pagpapatatag at pagpapanatili ng ating kapatiran. Ito ang pagpapalaganap ng kapayapaan sa bawat isa sa atin sa pamamagitan ng pagbati ng ‘Salam’. Siya ay nagsabi,

أَوَلا أَدُلُّكُم عَلَى شَيْءٍ إِذَا فَعَلْتُمُوهُ تَحَابَبْتُم أَفْشُوا السَّلامَ بَيْنَكُم. (أخرجه مسلم)

“Hindi ba’t nais ninyong patnubayan ko kayo sa isang bagay na kapag inyong ginawa ay mamahalin ninyo ang isa’t-isa? Ipalaganap ninyo ang pagbati ng kapayapaan sa pagitan ninyo.” (Inulat ni Muslim)

Kaya tuldukan na natin ang hidwaan sa pagitan ng bawat isa, sa pagitan ng tribu sa tribu, sa pagitan ng born Muslim at Balik-Islam, itakwil na natin ang pagkakawatak-watak na dulot ng grupo-grupo at tribu-tribu, tanggalin natin sa ating mga puso ang kibr na nagsisilbing harang sa pagitan natin, sapagkat ang harang na ito ang siyang sumisira sa diwa ng kapatiran na iniwan sa atin ng Rasulullah (sallallahu ‘alayhi wa sallam). Sa halip ay magtulungan tayo at magkaisa sa kabutihan, magmahalan at manindigan upang manumbalik ang diwa ng kapatiran na iniwan sa atin ng Rasulullah (sallallahu ‘alayhi wa sallam).

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفُوَ فَاعْفُ عَنَّا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْلَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.

اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.

اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.

رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.

وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***